SA LAHAT NG BAGAY TAYO AY

Magpasalamat

ISANG PAG-AARAL NG LOVEGODGREATLY BIBLE STUDY

Maligayang Pagdating!

KAMI AY NAGAGALAK sapagkat kasama naming kayo sa pag aaral sa mga salita ng Diyos!

Nais naming malaman ninyo na kayo ay bunga ng aming mga pananalangin kaya hindi nagkakataon lang ang pagdalo o pagsali ninyo sa pag aaral na ito.

Nais naming lalo kayong lumago at mas mapalapit sa Panginoon habang patuloy kayong nag aaral at pinagbubulay bulayan ang mga Salita ng Diyos sa araw araw! Habang kayo ay hinuhubog ayon sa pangangaral sa mga Salita ng Diyos bawat araw, aming dalangin na kayo ay higit na mapamahal sa Kanya habang patuloy kayong nagsasaliksik at nagbabasa mula sa Bibliya.

Bago niyo basahin ang mga nakatakdang talata sa bawat araw, inyong idalangin sa Panginoon na kayo'y tulungan unawain ang mga ito. Anyayahan Siyang mangusap sa inyo sa pamamagitan ng Kanyang mga Salita. Hayaan Siyang mangusap at tungkulin mong makinig at tumupad sa sinasabi Niya.

Maglaan ng panahon sa madalas pagbabasa sa mga talata. Sinasabi sa atin sa Kawikaan na magsaliksik at ating masumpungan: "Kung iyong hahanapin siya na parang pilak, at sasaliksikin mo siyang parang kayamanang natatago." (Kawikaan 2:4–5 ADB1905).

Kami ay nalulugod na pagkalooban kayo ng ibat ibang mga kinakailangang babasahin habang kayo'y kasama namin sa pag aaral ng Bibliya sa pamamagitan ng internet.

- *Sa Lahat Ng Bagay Tayo Ay Magpasalamat* (Libro)
- Basahing Plano Talata
- Lingguhang Blog Poste
- Lingguhang Memorya Berso
- Lingguhang Bideos (Lunes)
- Lingguhang Hamon
- Online Komunidad: Facebook, Twitter, Instagram, LoveGodGreatly.com
- Hashtags: #LoveGodGreatly

Hindi na kami makapaghintay dito sa Love God Greatly sa inyong pag umpisa at umaasa kaming makakasama kayo sa pagtatapos. Magtiis, magtiyaga, manatili at huwag susuko o bibitaw! Tapusin mo ng may pagsisikap anumang inyong nasimulan ngayon. Narito lang kaming natutuwang sumusubaybay sa iyong pagtahak. Magsikap sa paggising ng maaga upang maitaboy ang mga alalahanin sa maghapon, maupo at gumugol ng panahon para sa mga Salita ng Diyos! At matutuwa tayo sa mga kabutihang inilaan ng Diyos para satin sa pag aaral naito! Maglakbay kasama kami habang ating nalalaman at nararamdaman ang dakilang pag ibig ng Diyos sa ating buhay!

Angela

Kopirayt@2016 ng LoveGodGreatly.com

Pinagkaloob ang pahintulot na kopyahin itong kasulatan para layunin na pag-aralan ang librong **Sa Lahat Ng Bagay Tayo Ay Magpasalamat**.

Mangyari huwag baguhin itong kasulatan.

Talaan Ng Nilalaman

Ang Ating Komunidad p. 5

Paano mag – SOAP p. 6

SOAP Basahing Plano p. 8

Layunin p. 9

Panimula sa Pag-aralan p. 10

LINGGO 1 Pahina ng Pagsubok at Pagdarasal p. 12

Mga Talata na Pang Memorya p. 13

Lingguhang Berso p. 14

SOAP p. 18

Gunita at mga Tanong p. 28

Ang Aking Tugon p. 29

LINGGO 2 Pahina ng Pagsubok at Pagdarasal p. 30

Mga Talata na Pang Memorya p. 31

Lingguhang Berso p. 32

SOAP p. 34

Gunita at mga Tanong p. 44

Ang Aking Tugon p. 45

Ating Komunidad

ANG GRUPO NA "Lubos na mahalin ang Diyos" ay binubuo nang magagandang kababaihan sa komunidad na gustong malaman at magaral ng Salita ng Diyos.

Umpisahan ng Santong Salita pero hindi natatapos duon.

Marami nag sasama- sama sa ibat ibang bahay o sa online sila nagkikita at naguusap, meron din sa kanilang simbahan at marami din sa kabilang mundo kung saan konektado sila.

Ano man ang koneksiyon nila, sila ay nagmamahal sa isang layunin… para mahalin ang Diyos ng lubos.

Ngayon, sa araw na ito, pag tayo ay nag aaral ng Santong Kasulatan, kulang ang panghihikayat at suporta na maitutulong na mahalin ng lubos ang Diyos.

Tayo ay nandito sa komunidad natin na para matulungan natin ang isat isa sa pagaaral at tayo ay lumaki sa pagmamahal natin sa Santong Kasulatan. Dahil dito puwede mo bang tanungin ang kapwa na makipagaral sayo?

Ang kababahian natin, kailangan natin ang isat isa na makipagaral sa'yo.

Magtiwala ka na kami dito ay nagaaral at pinagdadasalan kayo at masayang masaya kami na kayo ay karamay na magaral pati. At pagtiwalaan niyo na ang ating Diyos ay masaya na gusto nating malaman kung paano tayo makakalapit sa kanya.

Sa ngayon, tawagan niyo ang kaibigan, ang kapatid at ang iba pang kamaganak at tayo tayo ay magaral, kahit saan, kumoekta tayo.

Kaya natin 'to.

Paano mag- SOAP

GUSTONG GUSTO NAMIN ninyong malaman na napakasaya kami para sa inyo.

Ipinagmamalaki ka namin sa iyong pangako … na magbasa ng Biblia araw araw at iaplay ito sa ating buhay – ang magandang buhay na binigay sa atin.

Bawat Kabanata mayroong laarawan sa bawat berso na binabasa natin. Itong laarawan ay makakatulong sa ating pagintindi ng mga berso na binabasa at malaman kung ano ang sinansabi sa atin ng Panginoon.

Dito sa Love God Greatly, ginagamit namin ang S.O.A.P. na paraan. Bago tayo magumpisa, tingnan natin kung ano itong S.O.A.P. at bakit namin ito ginagamit.

Bakit mag- S.O.A.P?

Oo at maganda na binabasa ang Biblia, pero masmaganda na makipag-ugnayan tayo. Makikita mo sa madaling panahon na merong mga Santong Kasulatan na hindi mo nakita nuon na nandyan na. Kasi itong paraan na S.O.A.P. ay tutulungan ka na magaral na mas malamin, makikita moa ng iyong dagdag kaalaman sa pagintindi sa Biblia. Kaya gusto naming ihandog sa inyo na gamatin itong S.O.A.P na paraan. Magugulat ka!

Ano ang ibig sabihin ng S.O.A.P.?

S- Banal na kaSulatan. Isulat ang mga berso na pinagaralan natin at makikita nyo na maykaibahang resulta. Maso-sorpesa ka sa makikita mong kagawan ng Diyos.

O- Mga Obserbasyon. Ano ang nakikita ninyo sa mga berso na binasa natin? Sino sino ang pinatutungkolan? Meron bang inuulit ulit na sinasabi? Meron bang salitang kapunapuna sa iyo?

A- Aplikasyon. Dito natin puwedeng i-aplay sa ating sarili. Ano ba ang sinasabi ng Diyos sa akin? Paano ko magagamit ito sa sarili kong buhay? Ano ang kailangan kong gawin?

P- Pagdasal – Ipagdasal ang Santong Kasulatan. Oras na ito upang magpasalamat sa lahat na ipinakikita niya sa atin gawa nang tayo ay nag- aaral nang Libro para sa mga Salita ng Diyos. Tanungin natin ang Panginoon kung meron tayong kasalanan na kailangan nating tanggapin, huwag kalimutan, na mahal tayo ng Diyos.

Paano mag- S.O.A.P? Ito ang halimbawa!

S- 5 Dahil sa pagasa na natataan para sa inyo sa langit, na nang una ay inyong narinig sa salita ng katotohanan ng evangelio, 6 Na ito'y dumating sa inyo; gayon din naman kung paano sa buong sanglibutan na namumunga at lumalaganap, gaya rin naman sa inyo, mula nang araw na inyong marinig at maalaman ang biyaya ng Dios sa katotohanan; 7 Ayon sa inyong natutuhan kay Epafras na aming minamahal na kasamang lingkod, na isang tapat na ministro ni Cristo, sa ganang atin; 8 Na siya rin namang sa amin ay nagbalita ng inyong pagibig sa Espiritu.

O-

- Pagka-hinalo moa ng pananampalataya at pagmamahal, merong pagasa.
- Ang pagasa natin ay nasa langit… sa dadating na panahon.
- Ang Santong Sulat - ay totoo.
- Ang Santong Sulat - ay buhay, mula sa umpisa hanggang sa dulo.
- Kaya ng isang tao na magbago… Epafras.

A- Ginamit ng Diyos si, Epafras, para maibago ang kanilang bayan! Napaalala sa akin na ang ating pananagutan ay sabihin sa iba ang estoria ng ating Panginoon at Siya ang maglalago. Yung mga berso na binasa natin ay sinasabi na ikalat natin sa lahat ang katotohanan ni Kristo, at siya ang bahala na magdagdag. Itong mga berso ay direkta sa LGG … "gayon din naman kung paano sa buong sanglibutan na namumunga at lumalaganap, gaya rin naman sa inyo, mula nang araw na inyong marinig at maalaman ang biyaya ng Dios sa katotohanan;

"Napakasaya pag nakita natin ang Santong Sulat - maging buhay at nagsasalita sa ating. Ang ating tugon ay mga kababaihan na nadito sa ating grupo ay maintindihan. "Ang Santong Sulat - ay hindi lang impormasyon, pati din sa ating pagbabagong- anyo."

P- Panginoon, tulungan mo po akong maging Epafras – at sabihin sa iba ang iyong pagmamahal at Ikaw na lang ang magdagdag at magalaga. Tulungan mo po ako na maintindihan ko po ang mga berso na binabasa namin araw araw. Ang aking tugon ay maging malapit sa Iyo. Tulungan mo po akong may pagasa araw araw, araw araw ay maypanampalataya at pagmamahal sa kapwa. Tulungan mo akong maalala na may magandng dadating sa kinabukasan!

Ang importante dito sa ating pag-aaral ay ang ating pakikipag-unayan sa isa't isa, at ang ating Aplikasyon sa buhay natin.

> Awit 1:2 Kundi ang kaniyang kasayahan ay nasa kautusan ng Panginoon; at sa kautusan niya nagbubulaybulay siya araw at gabi. 3 At siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig, na nagbubunga sa kaniyang kapanahunan, ang kaniyang dahon nama'y hindi malalanta; at anumang kaniyang gawin ay giginhawa.

Soap Basahing Plano

UNANG LINGGO

LUNES- MAG ALAY NG PASASALAMAT
BASAHIN: Awit 107:1-32 • **SOAP**: Awit 107:1

MARTES- PAGBABALIK TANAW AT PASASALAMAT
BASAHIN: Deuteronomio 8:1-10 • **SOAP**: Deuteronomio 8:10

MIYERKULES- PASASALAMAT AT PAGBUBUNYI
BASAHIN: Isaias 12:4-5 • **SOAP**: Isaias 12:4

HUWEBES- KAPASALAMATAN AT PAGBIBIGAY
BASAHIN: 2 Corinto 9:6-15 • **SOAP**: 2 Corinto 9:11-12

BIYERNES- PAGPUPURI AT PAGHILOM
BASAHIN: Lucas 17:11-19 • **SOAP**: Lucas 17: 17-19

ARAW PARA SA MGA KASAGUTAN

IKALAWANG LINGGO

LUNES- KAPASALAMATAN AT PANALANGIN
BASAHIN: Colosas 1:3-5 • **SOAP**: Colosas 1:3

MARTES- KAPASALAMATAN AT MGA AWIT
BASAHIN: Colosas 3:15-17 • **SOAP**: Colosas 3:16-17

MIYERKULES- BIYAYA AT KAPASALAMATAN
BASAHIN: 2 Corinto 4:15-16 • **SOAP**: 2 Corinto 4:15

HUWEBES- PANANALIG AT KAPASALAMATAN
BASAHIN: Colosas 2:7 • **SOAP**: Colosas 2:7

BIYERNES- KAPASALAMATAN SA LAHAT NG BAGAY
BASAHIN: 1 Tesalonica 5:18 • **SOAP**: 1 Tesalonica 5:18

ARAW PARA SA MGA KASAGUTAN

Mga Layunin

NANINIWALA KAMI na ito ay mahalaga na isulat ang mga layunin para sa bawat session. Magtabi ng ilang oras at magsulat ng tatlong mga layunin na nais mong mag-pocus sa session na ito, simula sa paggising sa bawat araw ay basahin ang Santong Sulat - . Kaya susunod na pagtapos ng walo na lingo meron tayong balikan na mga layunin natin. Kaya natin eto!

Ang aking mga layunin para sa session na ito ay:

1.

2.

3.

Prima: _____

Petcha: _____

Panimula

LAGING MAGPASALAMAT SA LAHAT NG BAGAY

“Mga insekto!” ang aking sigaw!. “ Betsie, tignan mo! Lubhang napakarami nila.” Nagmadali kaming tumungo kung saan namin ginagawa ang mga interbyu, nakatungo ang aming mga ulo upang di kami mauntog at nagmadali kaming tumungo kung saan may liwanag.

“Ayun, ayun pa ang isa!” ito ang aking sambit. “Betsie, paano tayo makakatira sa ganitong klaseng lugar!”

“Ipakita mo sa amin! Ipakita mo sa amin”. Ito ang naririnig kong sambit ni Betsie, Dito ko napagtanto na siya pala ay nagdarasal, minsan hindi ko na alam kung ano ang katotohanan na ginagawa ni Betsie dahil nahahalo na niya ang pagdarasal sa aming araw araw na pag uusap.

“Corrie!” sambit ni Betsie. “Ipinagkaloob na Niya sa atin ang kasagutan bago pa man natin hilingin, sa Bibliya kaninang umaga nakita ko na, halika at basahin mo.”

“Magbunyi,manalangin sa tuwina, magpasalamat sa lahat ng pagkakataon, dahil ito ang nais NIYA sa katauhan ni Hesus.”

“Iyan ang dapat nating gawin, Corrie. Magpasalamat sa lahat ng bagay na meron tayo ngayon, lalo na dito sa tirahang meron tayo ngayon.”

“Tulad ng ano?” Ito ang aking tanong.

“Tulad ng magkasama tayo ngayon na na destino dito.”

“Salamat, Panginoong Hesus!” aking nasambit.

“Tulad ng kung ano ang hawak mo sa iyong mga kamay.”

Napatingin ako sa Bibliya na aking tangan at ako ay nagpasalamat at kami ay ligtas na nakarating sa aming destinasyon.

“Oo” sabi ni Betsie! “Salamat sa maraming mga kababaihan na narito ngayon, salamat at kahit kami ay siksikan dito, mas marami naman ang makakarinig sa Mabuting Balita ng Panginoon,Salamat sa lahat ng bagay maging sa mga insekto.”

“Pati sa mga insekto? Betsie, hindi ko ata kayang magpasalamat maging para sa mga insektong ito!”

“Magpasalamat sa lahat ng pagkakataon.” ang sambit ni Betsie. “hindi naman sinabi na sa mababuting pagkakataon lamang magpasalamat, maging sa mga pagkakataong hindi maayos ang lahat. At ang mga insekto ay kasama kung saan tayo inilagay ng Panginoon.” *The Hiding Place, pahina 209-210.*

KAMAKAILAN LANG, ako at ang aking anak na si Paige ay magkasamang binabasa ang aklat na The Hiding Place, at aming nabasa ang kwentong ito.

Ito ay napakalaking paalala kung gaano kahalaga ang pagpapasalamat sa ating buhay sa dalawang linggong pag aaral na ating gagawin.

Tayo ay pinaaalalahanan sa Efeso 5:20.... "laging magpapasalamat sa Panginong Diyos sa lahat ng bagay...."

Sa lahat ng bagay, Panginoon?

Nais nga ba talaga ng Panginoon na tayo ay magpasalamat sa mga ugnayan na nagbibigay sa atin ng labis na siphayo at sakit, sa kawalan ng pera at sa mga pangangatawang maysakit? Sa lahat ng bagay?

Kaya nga ba talaga nating magpasalamat sa lahat ng bagay na dumarating sa ating buhay? Maski na sa mga "insekto" sa ating buhay?

Sa pagbasa ko sa kwento ni Corrie, napagtanto ko na kaya naman pala natin. Mangyari na magsimula lamang tayo sa isang matinding pananalangin.

"Panginoon, tulungan Niyo po akong makita, makita ang galaw ng Iyong kamay sa aking buhay"

"Tulungan mo akong magpuri, maging sa mga salot na dumadating sa aking buhay, turuan Niyo po akong magpasalamat sa mga pagkakataong mahirap ang buhay upang matutunan ko ring pasalamatan ang mga magagandang nangyayari sa aking buhay."

"Salamat sa mga araw na ako ay mahina, upang mapagtanto ko na Ikaw ang aking kalakasan sa tuwing ako ay nanghihina."

"Salamat po sa mga pagkakataong nasasaktan ang aking damdamin upang maranasan ko ang iyong matamis na pangakong malapit ka sa mga pusong sawi."

"Salamat po mahal na Hesus sa pagpapatawad,Buong puso mo itong ipinaramdam mo sa akin ang iyong presensiya at ipnakita mo sa akin ang labis na pangangailangan ko ng pagpapatawad mula sa iyo."

Ang mga insekto sa tirahan nina Betsie at Corrie ay maituturing na salot, ngunit ang Panginoon ay may nakalaan pa ring mabuting layunin para sa kanila.Ito ay para sa proteksyon ng mga kababaihang naroroon.

Dahil alam ng mga guwardiya na maraming mga insekto sa silid na iyon, hindi sila pumapasok duon upang gambalain ang mga kababaihan.Sa pamamagitan ng mga insektong ito, ang mga kababaihan ay nailayo sa anumang mga pang aabuso mula sa mga otoridad. Dahil ayaw pumasok ng mga guwardiya sa kwartong iyon, sina Corrie at Betsie ay malayang nakapamahagi ng Mabuting Salita ng Diyos sa lahat ng mga kababaihang naroon. Dahil dito maraming buhay ang nabago.Sa pamamagitan ng mga "insekto" sina Corrie at Betsie ay lubos na naipahayag kung gaano kabuti ang Panginoon.

Ano kayang mga "insekto" ang ipinadala ng Panginoon sa ating buhay?

Ako ay lubhang nagagalak na tayo ay magsimula sa ating dalawang linggong pag aaral ng Mabuting Salita ng Diyos upang ating makita kung paano tayo pinagbubuti ng kapasalamatan sa ating buhay.

Simula ngayong araw, simulan nating tignan ang ating mga buhay sa lente ng pasasalamat.Simulang pasalamatan ang Panginoon sa lahat ng bagay: ang mga bagay na mabuti, masama at maging ang mga "salot" na dumadating sa ating buhay.

Mahalin ng buong puso ang Panginoon,

-Angela

Linggo 1

Linggo 1 Layunin: (Mahahanap ito na nakalista sa ating blog post bawat Lunes):

Panalangin para sa linggo ito: Ang ating Pamilya

Pagdarasal	Papuri
Lunes	
Martes	
Miyerkules	
Huwebes	
Biyernes	

Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon;
sapagka't siya'y mabuti: sapagka't
ang kaniyang kagandahang-loob ay
magpakailan man.

AWIT 107:1 (ADB1905)

Panlinggong Salita ng Diyos Linggo 1

MAG ALAY NG PASASALAMAT

LUNES ***AWIT 107:1-32 (ADB1905)***

HAYAANG MAGPAHAYAG ANG MGA TINUBOS NG PANGINOON

1 Oh mangagpasalamat kayo sa Panginoon; sapagka't siya'y mabuti: sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man.

2 Sabihing gayon ng tinubos ng Panginoon, na kaniyang tinubos sa kamay ng kaaway;

3 At mga pinisan mula sa mga lupain, mula sa silanganan, at mula sa kalunuran, mula sa hilagaan at mula sa timugan.

4 Sila'y nagsilaboy sa ilang, sa ulilang landas; sila'y hindi nakasumpong ng bayang tahanan.

5 Gutom at uhaw, ang kanilang kaluluwa'y nanglupaypay sa kanila.

6 Nang magkagayo'y nagsidaing sila sa Panginoon sa kanilang kabagabagan, at iniligtas niya sila sa kanilang kahirapan.

7 Pinatnubayan naman niya sila sa matuwid na daan, upang sila'y magsiyaon sa bayang tahanan.

8 Oh purihin ng mga tao ang Panginoon dahil sa kaniyang kagandahang-loob, at dahil sa kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa sa mga anak ng mga tao!

9 Sapagka't kaniyang binigyang kasiyahan ang nananabik na kaluluwa, at ang gutom na kaluluwa ay binusog niya ng kabutihan.

10 Ang gayong tumatahan sa kadiliman, at sa lilim ng kamatayan, na natatali sa dalamhati at pangaw;

11 Sapagka't sila'y nanghimagsik laban sa mga salita ng Dios, at hinamak ang payo ng Kataastaasan:

12 Kaya't kaniyang ibinaba ang kanilang puso na may hirap; sila'y nangabuwal, at walang sumaklolo.

13 Nang magkagayo'y nagsidaing sila sa Panginoon sa kanilang kabagabagan, at iniligtas niya sila sa kanilang kahirapan.

14 Inilabas niya sila sa kadiliman at sa lilim ng kamatayan, at pinatid ang kanilang mga tali.

15 Oh purihin ng mga tao ang Panginoon dahil sa kaniyang kagandahang-loob, at dahil sa kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa sa mga anak ng mga tao!

16 Sapagka't kaniyang sinira ang mga pintuang-bayan na tanso, at pinutol ang mga halang na bakal.

17 Mga mangmang dahil sa kanilang mga pagsalangsang, at dahil sa kanilang mga kasamaan ay nadadalamhati.

18 Kinayayamutan ng kanilang kaluluwa ang sarisaring pagkain; at sila'y nagsisilapit sa mga pintuan ng kamatayan,

19 Nang magkagayo'y nagsidaing sila sa Panginoon sa kanilang kabagabagan, at iniligtas niya

sila sa kanilang kahirapan.

20 Sinugo niya ang kaniyang salita, at pinagaling sila, at iniligtas sila sa kanilang mga ikapapahamak.

21 Oh purihin ng mga tao ang Panginoon dahil sa kaniyang kagandahang-loob, at dahil sa kaniyang kagilagilalas na mga gawa sa mga anak ng mga tao!

22 At mangaghandog sila ng mga hain na pasalamat, at ipahayag ang kaniyang mga gawa na may awitan.

23 Silang nagsisibaba sa dagat sa mga sasakyan, na nangangalakal sa mga malawak na tubig;

24 Ang mga ito'y nangakakakita ng mga gawa ng Panginoon, at ng kaniyang mga kababalaghan sa kalaliman.

25 Sapagka't siya'y naguutos, at nagpapaunos, na nagbabangon ng mga alon niyaon.

26 Nagsisitaas sa mga langit, nagsisibaba uli sa mga kalaliman: ang kanilang kaluluwa ay natutunaw dahil sa kabagabagan.

27 Sila'y hahampashampas na paroo't parito, at gigiraygiray na parang lasing, at ang kanilang karunungan ay nawala.

28 Nang magkagayo'y nagsidaing sila sa Panginoon sa kanilang kabagabagan, at inilabas niya sila sa kanilang kahirapan.

29 Kaniyang pinahihimpil ang bagyo, na anopa't ang mga alon niyaon ay nagsisitahimik.

30 Nang magkagayo'y natutuwa sila, dahil sa sila'y tiwasay. Sa gayo'y kaniyang dinadala sila sa daongang kanilang ibigin.

31 Oh purihin ng mga tao ang Panginoon dahil sa kaniyang kagandahang-loob, at dahil sa kaniyang kagilagilalas na mga gawa sa mga anak ng mga tao!

32 Ibunyi rin naman nila siya sa kapulungan ng bayan, at purihin siya sa upuan ng mga matanda.

PAGBABALIK TANAW AT PASASALAMAT

MARTES ***DEUTERONOMIO 8:1-10 (ADB1905)***

LAGING ALALAHANIN ANG PANGINOON NA DIYOS NG LAHAT

1 Ang lahat ng utos na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito ay inyong isasagawa, upang kayo'y mangabuhay at dumami, at inyong mapasok at ariin ang lupain na isinumpa ng Panginoon sa inyong mga magulang.

2 At iyong aalalahanin ang buong paraan na ipinatnubay sa iyo ng Panginoon mong Dios nitong apat na pung taon sa ilang, upang kaniyang mapangumbaba ka, at subukin ka, na maalaman kung ano ang nasa iyong puso, kung iyong gaganapin ang kaniyang mga utos o hindi.

3 At ikaw ay pinapangumbaba niya, at pinapagdamdam ka niya ng gutom, at pinakain ka niya ng mana, na hindi mo nakilala, ni nakilala ng iyong mga magulang; upang kaniyang maipakilala sa iyo na hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawa't bagay na

nagmumula sa bibig ng Panginoon.

4 Ang iyong suot ay hindi naluma sa iyo, ni hindi namaga ang iyong paa nitong apat na pung taon.

5 At iyong pagmunimuniin sa iyong puso, na kung paanong pinarurusahan ng tao ang kaniyang anak, ay gayon pinarurusahan ka ng Panginoon mong Dios.

6 At iyong tutuparin ang mga utos ng Panginoon mong Dios, na lumakad ka sa kaniyang mga daan, at matakot ka sa kaniya.

7 Sapagka't dinala ka ng Panginoon mong Dios sa isang mabuting lupain, na lupain ng mga batis ng tubig, ng mga bukal at ng mga kalaliman, na bumubukal sa mga libis at mga bundok.

8 Lupain ng trigo at ng sebada at ng puno ng ubas at ng mga puno ng igos, at ng mga granada; lupain ng mga puno ng olibo at ng pulot:

9 Lupain na kakainan mo ng tinapay na di kapos, na walang magkukulang sa iyo roon; lupain na ang mga bato ay bakal, at ang kaniyang mga burol ay makukunan mo ng tanso.

10 At kakain ka, at mabubusog ka, at iyong pupurihin ang Panginoon mong Dios dahil sa mabuting lupain na kaniyang ibinigay sa iyo.

PASASALAMAT AT PAGBUBUNYI

MIYERKULES ***ISAIAS 12:4-5 (ADB1905)***

4 At sa araw na yao'y inyong sasabihin, Mangagpasalamat kayo sa Panginoon, kayo'y magsitawag sa kaniyang pangalan, ipahayag ninyo ang kaniyang mga gawa sa mga bayan, sabihin ninyo na ang kaniyang pangalan ay marangal.

5 Magsiawit kayo sa Panginoon; sapagka't siya'y gumawa ng mga marilag na bagay: ipaalam ito sa buong lupa.

KAPASALAMATAN AT PAGBIBIGAY

HUWEBES ***2 CORINT0 9:6-15 (ADB1905)***

ANG BUKAS PALAD KUNG MAGBIGAY

6 Datapuwa't sinasabi ko, Ang naghahasik ng bahagya na ay magaani namang bahagya na; at ang naghahasik na sagana ay magaani namang sagana.

7 Magbigay ang bawa't isa ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso: huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan: sapagka't iniibig ng Dios ang nagbibigay na masaya.

[8] At maaaring gawin ng Dios na ang lahat ng biyaya ay magsisagana sa inyo; upang kayo, na mayroong laging buong kaya sa lahat ay magsipanagana sa bawa't mabuting gawa:

[9] Gaya ng nasusulat, Siyang nagsabog, siyang nagbigay sa mga dukha; Ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man.

[10] At ang nagbibigay ng binhi sa naghahasik at ng tinapay na pinakapagkain, ay magbibigay at magpaparami ng inyong binhi upang ihasik, at magdaragdag ng mga bunga ng inyong katuwiran:

[11] Yamang kayo'y pinayaman sa lahat ng mga bagay na ukol sa lahat ng kagandahang-loob, na nagsisigawa sa pamamagitan namin ng pagpapasalamat sa Dios.

[12] Sapagka't ang pangangasiwa sa paglilingkod na ito ay hindi lamang tumatakip sa pangangailangan ng mga banal, kundi naman umaapaw sa pamamagitan ng maraming pagpapasalamat sa Dios;

[13] Palibhasa'y sa pagsubok sa inyo sa pamamagitan ng ministeriong ito ay niluluwalhati nila ang Dios dahil sa pagtalima ng inyong pagkilala sa evangelio ni Cristo, at dahil sa kagandahang-loob ng inyong ambag sa kanila at sa lahat;

[14] Samantalang sila rin naman, sa panalanging patungkol sa inyo, ay nananabik sa inyo dahil sa saganang biyaya ng Dios sa inyo.

[15] Salamat sa Dios dahil sa kaniyang kaloob na di masabi.

PAGPUPURI AT PAGHILOM

BIYERNES ***LUCAS 17:11-19 (ADB1905)***

[11] At nangyari, na samantalang sila'y napapatungo sa Jerusalem, na siya'y nagdaraan sa mga hangganan ng Samaria at Galilea.

[12] At sa pagpasok niya sa isang nayon, ay sinalubong siya ng sangpung lalaking ketongin, na nagsitigil sa malayo:

[13] At sila'y nagsisigaw na nagsisipagsabi, Jesus, Guro, maawa ka sa amin.

[14] At pagkakita niya sa kanila, ay sinabi niya sa kanila, Magsihayo kayo at kayo'y pakita sa mga saserdote. At nangyari, na samantalang sila'y nagsisiparoon, ay nangalinis sila.

[15] At isa sa kanila, nang makita niyang siya'y gumaling, ay nagbalik, na niluluwalhati ang Dios ng malakas na tinig;

[16] At siya'y nagpatirapa sa kaniyang paanan, na nagpapasalamat sa kaniya: at siya'y isang Samaritano.

[17] At pagsagot ni Jesus ay nagsabi, Hindi baga sangpu ang nagsilinis? datapuwa't saan nangaroon ang siyam?

[18] Walang nagbalik upang lumuwalhati sa Dios, kundi itong taga ibang lupa?

[19] At sinabi niya sa kaniya, Magtindig ka, at yumaon ka sa iyong lakad: pinagaling ka ng iyong pananampalataya.

Lunes

BASAHIN: Awit 107:1-32
SOAP: Awit 107:1

Santong Sulat - Isulat ang mga berso na pinagaralan natin.

Mga Obserbasyon - Magsulat ng isa o dalawang obserbasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Lunes

Aplikasyon - Magsulat ng isa o dalawang aplikasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Pagdasal - Magsulat ng panalangin mula sa berso na binasa at napagaralan natin.

- Bisitahin Bisitahin ang website blog post. -

Martes

BASAHIN: Deuteronomio 8:1-10
SOAP: Deuteronomio 8:10

Santong Sulat - Isulat ang mga berso na pinagaralan natin.

Mga Obserbasyon - Magsulat ng isa o dalawang obserbasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Martes

Aplikasyon - Magsulat ng isa o dalawang aplikasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Pagdasal - Magsulat ng panalangin mula sa berso na binasa at napagaralan natin.

Miyerkules

BASAHIN: Isaias 12:4-5
SOAP: Isaias 12:4

Santong Sulat - Isulat ang mga berso na pinagaralan natin.

Mga Obserbasyon - Magsulat ng isa o dalawang obserbasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Miyerkules

Aplikasyon - Magsulat ng isa o dalawang aplikasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Pagdasal - Magsulat ng panalangin mula sa berso na binasa at napagaralan natin.

- Bisitahin Bisitahin ang website blog post. -

Huwebes

BASAHIN: 2 Corinto 9:6-15
SOAP: 2 Corinto 9:11-12

Santong Sulat - Isulat ang mga berso na pinagaralan natin.

Mga Obserbasyon - Magsulat ng isa o dalawang obserbasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Huwebes

Aplikasyon - Magsulat ng isa o dalawang aplikasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Pagdasal - Magsulat ng panalangin mula sa berso na binasa at napagaralan natin.

Biyernes

BASAHIN: Lucas 17:11-19
SOAP: Lucas 17: 17-19

Santong Sulat - Isulat ang mga berso na pinagaralan natin.

Mga Obserbasyon - Magsulat ng isa o dalawang obserbasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Biyernes

Aplikasyon - Magsulat ng isa o dalawang aplikasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Pagdasal - Magsulat ng panalangin mula sa berso na binasa at napagaralan natin.

- Bisitahin Bisitahin ang website blog post. -

Gunita at mga Tanong

1. Sa anong mga bagay at kaparaanan ipinapakita o ipinakita ang labis na kabutihan ng Panginoon sa iyong buhay? Itala ang mga ito at Siya ay pasalamatan sa araw na ito.

2.Labis na mahalaga ang magbalik tanaw sa katapatan ng Diyos sa ating buhay. Paano ipinakita ng Panginoon ang Kanyang katapatan sa iyong buhay sa pagdaan ng mga taon?

3.Hindi natin dapat itago lamang sa ating mga sarili ang labis na pagpapasalamat sa ating Panginoon, marapat na ito ay ating ipagbunyi sa mga nakapaligid sa atin. Sa paanong paraan mo maipapakita ang iyong pagpupuri sa katapatan ng Panginoon sa iyong buhay simula ngayong araw na ito?

4.Bakit mahalaga para sa mga Kristiyano ang maging mapagbigay? Ano kaya ang magiging epekto sa mundo kung ang mga Kristiyano ay titigil sa pagiging mapagbigay sa mga bagay na kaloob ng Panginoon sa kanila? Sa iyong buhay, may mga pagkakataon ba na maari ka pang maging mas mapagbigay sa mga bagay na ipinagkaloob sa iyo ng Panginoon, materyal man o hindi.

5.Pinagaling ni Hesus ang sampung taong may sakit na ketong, ngunit isa lamang ang bumalik upang magpasalamat. Ano ang maaari mong gawin upang protektahan ang iyong sarili sa mga taong walang kapasalamatan?

Ang Aking Tugon

Linggo 2

Linggo 2 Layunin: (Mahahanap ito na nakalista sa ating blog post bawat Lunes):

Panalangin para sa linggo ito: Ang Ating Bayan

Pagdarasal	Papuri
Lunes	
Martes	
Miyerkules	
Huwebes	
Biyernes	

Sa lahat ng mga bagay ay
magpasalamat kayo;
sapagka't ito ang kalooban ng
Dios kay Cristo tungkol sa inyo.

1 TESALONICA 5:18 (ADB1905)

Panlinggong Salita ng Diyos Linggo 2

KAPASALAMATAN AT PANALANGIN

LUNES ***COLOSAS 1:3-5 (ADB1905)***

3 Nagpapasalamat kami sa Dios, na Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na kayo'y laging idinadalangin,

4 Nang nabalitaan namin ng inyong pananampalataya kay Cristo Jesus, at ang pagibig ninyo sa lahat ng mga banal,

5 Dahil sa pagasa na natataan para sa inyo sa langit, na nang una ay inyong narinig sa salita ng katotohanan ng evangelio,

KAPASALAMATAN AT MGA AWIT

MARTES ***COLOSAS 3:15-17 (ADB1905)***

15 At maghari sa inyong puso ang kapayapaan ni Cristo, na diya'y tinawag din naman kayo sa isang katawan; at kayo'y maging mapagpasalamat.

16 Manahanan nawang sagana sa inyo ang salita ni Cristo; ayon sa buong karunungan, kayo'y mangagturuan at mangagpaalalahanan sa isa't isa sa pamamagitan ng mga salmo at ng mga himno at mga awit na ukol sa espiritu, na magsiawit kayong may biyaya sa inyong puso sa Dios.

17 At anomang inyong ginagawa, sa salita, o sa gawa, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus, na nagpapasalamat kayo sa Dios sa pamamagitan niya.

BIYAYA AT KAPASALAMATAN

MIYERKULES ***2 CORINTO 4:15-16 (ADB1905)***

15 Sapagka't ang lahat ng mga bagay ay dahil sa inyo, upang ang biyaya na pinarami sa pamamagitan ng marami, ay siyang magpasagana ng pagpapasalamat sa ikaluluwalhati ng Dios.

16 Kaya nga hindi kami nanghihimagod; bagama't ang aming pagkataong labas ay pahina, nguni't ang aming pagkataong loob ay nababago sa araw-araw.

PANANALIG AT KAPASALAMATAN

HUWEBES ***COLOSAS 2:7 (ADB1905)***

[7] Na nangauugat at nangatatayo sa kaniya, at matibay sa inyong pananampalataya, gaya ng pagkaturo sa inyo, na sumasagana sa pagpapasalamat.

KAPASALAMATAN SA LAHAT NG BAGAY

BIYERNES ***1 TESALONICA 5:18 (ADB1905)***

[18] Sa lahat ng mga bagay ay magpasalamat kayo; sapagka't ito ang kalooban ng Dios kay Cristo tungkol sa inyo.

Lunes

BASAHIN: Colosas 1:3-5
SOAP: Colosas 1:3

Santong Sulat - Isulat ang mga berso na pinagaralan natin.

Mga Obserbasyon - Magsulat ng isa o dalawang obserbasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Lunes

Aplikasyon - Magsulat ng isa o dalawang aplikasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Pagdasal - Magsulat ng panalangin mula sa berso na binasa at napagaralan natin.

- Bisitahin Bisitahin ang website blog post. -

Martes

BASAHIN: Colosas 3:15-17
SOAP: Colosas 3:16-17

Santong Sulat - Isulat ang mga berso na pinagaralan natin.

Mga Obserbasyon - Magsulat ng isa o dalawang obserbasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Martes

Aplikasyon - Magsulat ng isa o dalawang aplikasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Pagdasal - Magsulat ng panalangin mula sa berso na binasa at napagaralan natin.

Miyerkules

BASAHIN: 2 Corinto 4:15-16
SOAP: 2 Corinto 4:15

Santong Sulat - Isulat ang mga berso na pinagaralan natin.

Mga Obserbasyon - Magsulat ng isa o dalawang obserbasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Miyerkules

Aplikasyon - Magsulat ng isa o dalawang aplikasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Pagdasal - Magsulat ng panalangin mula sa berso na binasa at napagaralan natin.

- Bisitahin Bisitahin ang website blog post. -

Huwebes

BASAHIN: Colosas 2:7
SOAP: Colosas 2:7

Santong Sulat - Isulat ang mga berso na pinagaralan natin.

Mga Obserbasyon - Magsulat ng isa o dalawang obserbasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Huwebes

Aplikasyon - Magsulat ng isa o dalawang aplikasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Pagdasal - Magsulat ng panalangin mula sa berso na binasa at napagaralan natin.

Biyernes

BASAHIN: 1 Tesalonica 5:18
SOAP: 1 Tesalonica 5:18

Santong Sulat - Isulat ang mga berso na pinagaralan natin.

Mga Obserbasyon - Magsulat ng isa o dalawang obserbasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Biyernes

Aplikasyon - Magsulat ng isa o dalawang aplikasyon mula sa mga berso na binasa at napagaralan natin.

Pagdasal - Magsulat ng panalangin mula sa berso na binasa at napagaralan natin.

- Bisitahin Bisitahin ang website blog post. -

Gunita at mga Tanong

1.Lubhang napakahalaga na ipakita at ipadama ang ating pasasalamat sa mga taong kaloob ng Diyos sa atin. ang pinaka mabuting pagpapakita nito ay ang pagdarasal at personal na pasasalamat sa kanila. Kanino ka labis na nagpapasalamat at bakit? Maglaan ng oras upang pasalamatan ang Panginon sa pagkakaroon ng mabuting kaibigan tulad niya.

2.Ano ang mga bagay na maari mo pang gawin upang maging higit na mapagpasalamat ka sa mga biyayang natatamasa mo mula sa Panginoon?

3. Napagtanto ko sa aking buhay na sa tuwng higit ang pangangailangan mo ng labis na unawa ng Panginoon, mas nakikita at nasasalamin ang walang kupas na pasasalamat sa biyaya Niya, sa iyong palagay, bakit magkadugtong ang mga bagay na ito?

4. Tayo ay hinihimok na laging magpasalamat sa Panginoon, ngunit lubhang mahirap itong gawin kung tayo ay nalulungkot, nahihirapan o lugmok sa mga suliranin. Magpasalamat ka sa Panginoon simula ngayong araw na ito at piliing tignan ang lahat ng kabutihan Niya sa iyong buhay.

5.Sa pagbibigay halaga mo sa pagpapasalamat sa loob ng dalawang linggong ito, ano ano pang mga pagbabago sa buhay mo ang maaari mong gawin upang mas mapalalim ang kapasalamatan sa iyong buhay?

Ang Aking Tugon

Paano Mo Malalaman Na Ikaw Ay Pinatawad

Alamin ang mga Katotohanang Ito Mula sa Salita ng Diyos.....

Mahal ka ng Diyos.....

Kahit ikaw ay nakararamdam na ikaw ay di karapat dapat at sa tingin mo ay tinalikuran ka na ng mundo, Mahal ka ng Panginoon at ikaw ay ginawa Niya para sa mas malaki at malalim na dahilan.

> Sabi ng Panginoon, "Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumasampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (John 3:16)

Ang ating mga pagkakasala ay hinihiwalay tayo sa Diyos.

Tayo ay makasalanan noon pa man, at dahil dito tayo ay nakahiwalay sa ating Diyos na banal.

> Sabi ng salita ng Diyos, "Sapagkat ang lahat ay nagkasala at walang sinumang karapat-dapat sa paningin ng Diyos." (Roma 3:23)

Si Hesus ay namatay upang tayo ay mabuhay.

Ang kabayaran ng pagkakasala ay kamatayan, ngunit ang iyong kwento ay hindi nagtatapos dito! Ang handog na kaligtasan ng Panginoon ay naririto para sa atin dahil tayo ay tinubos ni Kristo sa krus.

> Ayon sa salita ng Diyos, "Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Hesus na ating Panginoon." (Roma 6:23) "Ngunit ipinadama ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Kristo para sa atin noong tayo ay makasalanan pa." (Roma 5:8)

Si Hesus ay buhay!

Kahit ang kamatayan ay hindi siya nasupil, tatlong araw na inilagak ang Kanyang labi sa libingan ngunit Siya ay bumangon muli, tinalo ang kasalanan at kamatayan habambuhay! Siya ay nabubuhay ngayon sa langit at inihahanda ang buhay na walang hanggan para sa lahat ng nananalig sa Kanya.

> Sabi ng Diyos, "Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid; kung hindi gayon, sinabi ko na sana sa inyo. At paroroon ako upang ipaghanda ko kayo ng matitirhan. Kapag naroon na ako at naipaghanda ko na kayo ng matitirhan, babalik ako at isasama ko kayo sa kinaroroonan ko." (Juan 14: 2-3)

Tama, Maaari mong malaman na ikaw ay pinatawad na.

Iyong tanggapin na si Hesus lamang ang tanging daan tungo sa kaligtasan!

Sabi ng Diyos, “Kung ipapahayag ng iyong mga labi na si Hesus ay Panginoon at mananalig ka nang buong puso na siya’y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. Sapagkat mananalig ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayo’y napapawalang sala; at nagpapahayag sa pamamagitan ng kanyang labi at sa gayo’y naliligtas.” (Roma 10:9-10)

Ano nga ba sa tingin mo ito? Maaari kang manalangin ng buong puso tulad nito:

Panginoon,
Alam kong ako ay makasalanan,
Ayaw ko nang mabuhay ng isa pang araw na hindi ko
tinatanggap ang pagmamahal at pagpapatawad mo sa akin,
Ako ay humihingi ng Iyong kapatawaran,
Ako ay naniniwala na Ikaw ay namatay at muling
nabuhay para sa aming mga sala,
Inaalay ko sa iyo ang buo kong buhay at pagkatao,
Tulungan Niyo po akong talikuran ang pagkakasala
at sundin ang daang alay Niyo sa akin,
Turuan Niyo po akong tamasain ang kalayaang
handog Niyo at isabuhay ang awa mula sa iyo,
Tulungan Niyo po akong mas umunlad pa at mas
palawigin pa ang pagkilala sa Inyong ngalan.
Amen.

Kung iyong sinambit ang naturang dasal (o isang kahalintulad nito gamit ang iyong sariling salita) maaari niyo kaming sulatan sa info@lovegodgreatly.com. Kami ay lubos na nagagalak na tulungan kayo na simulan ang inyong paglalakbay sa pagkilala sa buhay ng ating Panginoon.....